Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region 02, Cagayan Valley
**SCHOOLS DIVISION OFFICE OF NUEVA VIZCAYA**

DEPARTMENT OF EDUCATION
RELEASED
DATE: 07-29-19
TIME: 8:30
BY:
DIVISION OF NUEVA VIZCAYA

MEMORANDUM PANSANGAY

Sa mga : Pangalawang Tagapamanihala ng mga Paaralan
Hepe, Kurikulum/Pampaaralang Pamamahala
Tagamasid Pansangay / Pampurok
Pampublikong Punong-guro, Antas Elementarya at Sekondarya
Nanunungkulang Puno ng Kagawaran

Mula kay: **FLORDELIZA C. GECOBE, PhD., CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Para sa Tagapamanihala ng mga Paaralan:

**EVELYN V. RAMOS**
Hepe, Kurikulum

Paksa : **MGA GAWAIN AT TIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019**

**Petsa ;** **Hulyo 30, 2019**

---

Kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 094 s. 2019, petsa Hulyo 25 2019, **MGA GAWAIN AT TIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019** , ay isang kalatas para sa mahalagang impormasyon at patnubay sa lahat ng kinauukulan.

Inaasahan ang madalian at malawakang pagpapahatid ng Memorandum na ito.

Department of Education
SCHOOLS DIVISION OF NUEVA VIZCAYA
UPLOADED
Date 7-29-19
Signature
INFORMATION AND COMMUNICATION TECHNOLOGY UNIT

Email: nuevavizcaya.depedro2@gmail.com
Telefax: (078)392-0454
Trunk lines: (078)392-0381, (078)392-0351, 09171589946
Website: www.deped-nv.com.ph
Mailing Address: Quezon Street, Brgy. Don Domingo Maddela
Bayombong, Nueva Vizcaya, 3700 Phils.

Republic of the Philippines

# Department of Education

25 JUL 2019

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 094 , s. 2019

**MGA GAWAIN AT TIMPALAK SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Sa memorandum na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon Blg. 119, serye ng 2018 hinggil sa taunang pagdiriwang sa **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto, sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), isinasaad nito na layunin ng pagdiriwang ang sumusunod:

a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997;
b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

2. Ang tema para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa taong ito ay Wikang Katutubo: Tungo sa Isang Bansang Filipino. Ito ay sang-ayon sa kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 19-03 ng KWF na naglalayong ilaan ang Buwan ng Wika bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa mga katutubong wika sa bansa.

3. Natatangi ang pagdiriwang sa taong ito dahil tinutugunan nito ang proklamasyon ng UNESCO na *International Year of Indigenous Languages* (Pandaigdigang Taon ng mga Katutubong Wika). Pinagtibay ito ng KWF batay sa Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 18-31 na naglalayon na masiglang lumahok ang KWF sa pagdiriwang na ito.

4. Mahalagang nakaayon ang mga timpalak sa mga pamantayang pagganap (*performance standard*) ng kurikulum upang makita ang bisa nito. Mula sa konsultasyon sa mga panrehiyong tagamasid ng Filipino, narito ang mga opisyal na timpalak ng Kagawaran na isasagawa mula sa mga paaralan, dibisyon, at rehiyon. Samantala, iaangkla sa timpalak ng *National Festival of Talents (NFOT)* ang pangnasyunal na timpalak nito:

| Baitang | | Timpalak |
|---|---|---|
| Baitang 4–6 | : | Madulang Pangkukuwento |
| Baitang 6 | : | Sulat Bigkas ng Tula (SULKAS TULA) |
| Baitang 7–10 (JHS) | : | Interpretatibong Pagbasa |
| Baitang 11–12 (SHS) | : | Dagliang Talumpati |

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City 1600 633-7208/633-7228/632-1361 636-4876/637-6209 www.deped.gov.ph

5. Upang gabayan ang mga paaralan sa detalyadong gawain sa Buwan ng Wika, iminumungkahi ang sumusunod na gawain at petsa ng pagsasagawa nito:

| Petsa ng Pagsasagawa | Mga Mungkahing Gawain |
|---|---|
| Agosto 1–9, 2019 | • Pagdaraos ng seminar-worksyap para sa mga guro at mag-aaral tungkol sa 2013 Ortograpiyang Pambansa;<br>• Pagdaraos ng seminar-worksyap sa Batayang Pagsasalin;<br>• Pagsasagawa ng mga proyektong nagtataguyod ng mga katutubong kaalaman: Pagsasagawa ng *chapbook* o sine na nagtatanghal ng katutubong kaalaman; at<br>• Pagbuo at pag-*upload* sa *social media* ng mga 15–30 segundong *video* na nagtuturo ng isang paksa ng 2013 Ortograpiyang Pambansa. |
| Agosto 12–16, 2019 | • Pagdaraos sa mga paaralan ng timpalak sa ispeling ayon sa 2013 Ortograpiyang Pambansa;<br>• Pagsasagawa ng mga proyektong nagtataguyod ng mga katutubong kaalaman: Pagtatanghal ng mga katutubong kaalaman sa pamamagitan ng eksibit;<br>• Pagdaraos ng timpalak na Salita ng Taon; at<br>• Pagdaraos ng timpalak sa pagsulat ng saliksik gamit ang wikang Filipino. |
| Agosto 19-23, 2019 | • Pagdaraos ng timpalak sa pagsasalin sa Filipino ng mga akdang nasa wikang katutubo o dakilang akdang banyaga;<br>• Pagsasagawa ng mga proyektong nagtataguyod ng mga katutubong kaalaman: Pagbuo ng *registry* ng mga katutubong salitang may kaugnayan sa agham, teknolohiya, agham panlipunan, matematika, agrikultura, sistemang hudisyal, at iba pang katulad na larang;<br>• Paggawa at pag-*upload* sa *social media* ng mga meme na nagtataguyod ng wikang pambansa at mga wikang katutubo; at<br>• Pagbuo ng mga dokumentaryo tungkol sa isang bayani ng wika at kultura ng probinsiya o rehiyon. |
| Agosto 26-30, 2019 | • Pagdaraos sa mga dibisyon ng timpalak sa ispeling ayon sa 2013 Ortograpiyang Pambansa;<br>• Pagkilala sa mga indibidwal, organisasyon, o institusyon na malaki ang naging ambag sa pagtataguyod at pangangalaga ng wikang Filipino at mga wikang katutubo;<br>• Pagdaraos ng *quiz bee* tungkol sa katutubong kultura ng probinsiya or rehiyon; at<br>• Pagdaraos ng seminar o talakayan hinggil sa mga katutubong salitang mahalagang maging bahagi ng bokabularyo ng wikang Filipino. |

6. Ipinapaalala rin ang isinasaad ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 025, s. 2018 hinggil sa kabuuang bilang ng klase.

7. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa **Bureau of Learning Delivery-Teaching and Learning Division**, ikapat na palapag, Gusali ng Bonifacio, Kagawaran ng Edukasyon Central Office, DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City sa sulatroniko: bld-tld@deped.gov.ph o telepono: (02) 687-2948 at (02) 637-4347.

# IISPEL MO !

## PAMANTAYAN NG PALIGSAHAN

A. DESKRIPSYON NG PALIGSAHAN

1. Ang paligshan ay pansangay at tatawaging Iispel Mo!
2. Ang paligsahan ay bukas paara sa mag-aaral sa ikaanim na baitang sa antas elementarya ng paaralang publiko at pribado.
3. Magsisismula ang paligsahan mla sa eliminasyong pampaaralan hanggang pandistrito at ang mananalo ang magiging kinatawan (1) ng bawat distrito na maglalaban-laban para sa pansangay na paligsahan sa Agosto 28 sa Solano North Elementary School, Solano sa ganap na ika-8:00 ng umaga.

B. KRAYTERYA SA PAGHAHATOL

1. Ang mga salitang gagamitin sa paligsahan ay batay sa KWF Ortograpiyang Pambansa (OP) at UP Diksyonaryong Filipino.
2. Babasahin ng Ispe;ing master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang baybayin pagkatapos ng pangalawang pagbasa , ibibigay ang hudyat upang simulant ang pagsulat ng mga kalahok.
3. Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| MADALI | - 10 aytem x 2 puntos= | 20 puntos |
| KATAMTAMAN- | 10 aytem x 3 puntos= | 30 puntos |
| MAHIRAP | - 10 aytem x 5 puntos = | 50 puntos |

4. Ang mga kalahok ay bibigyan ng pitong (7) Segundo upang maisulat ang kanyang sagot.
5. Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling PANSANGAY NA KAMPEON NG IISPEL MO!.
6. Sa sandaling magkakaroon ng patas na puntos, may nakalaang tanong na magiging clincher.
7. Ang tie-breaker ay isasagawa batay sa sumusunod:
   - 7.1 Maglalaan ng btalong tanong na paglalabanan ng may patas na puntos,
   - 7.2 Ang makakakuha nang mas mataas na puntos ang siyang makakakuha ng puwestong pinaglalabanan
   - 7.3 Sa sandaling magiging patas muli ang kanilang puntos, magkakaroon ng knock-out round
8. Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi mababago

C. DAGDAG NA DETALYE

Ang isusuot ng mga batang kinatawan ay putting t-shirt at maong na pantalon sa araw ng pansangay na paligsahan.

(RSSebastian)

# 2019 Pambansang Tagisan ng Talento sa Filipino

Mga kategorya, bilang ng kalahok, bilang ng tagapagsanay, at oras na inilaan sa bawat kategorya ay ang mga sumusunod:

| Kategorya | Oras na Inilaan | Bilang ng Kalahok | Bilang ng Tagapagsanay | Kabuuang Bilang |
|---|---|---|---|---|
| 1. Madulang Pagkwento | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda | 4 | 2 | 6 |
| 2. Sulat Bigkas ng Tula (Sulkas Tula) | Isang (1) oras para sa pagsusulat, 30 minutong paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal | 1 | 1 | 2 |
| 3. Dagliang Talumpati | Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati | 1 | 1 | 2 |
| 4. Interpretatibong Pagbasa | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal | 4 | 1 | 5 |
| **Kabuuang Bilang ng Delegado sa bawat Rehiyon** | | | | **15** |

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | Ang mga kalahok ay binubuo ng tig-iisang mag-aaral mula sa Baitang 4, 5, 6 at isang Graded SPED **(Visually Impaired)** na may **edad labinlima** pababa sa taon ng paligsahan. | |
| **KATEGORYA** | MADULANG PAGKUKUWENTO | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Apat (4) | |
| **ORAS NA INILAAN** | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod bukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | **Kabuuan** | **100%** |

a) **Patnubay sa Kalahok**
b) Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado sa takdang araw ng paligsahan;
c) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon;
d) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng kuwento;
e) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang kuwento na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
f) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento;
g) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas;
h) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin;
i) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt** at;
j) Iikot ang interpretasyon sa kwento lamang.

| | |
|---|---|
| **I.** | **Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan** |
| a) | Kuwentong gagamitin (isang (1) **hard copy** at isang (1) naka-**transcribe** sa **braile**); |
| b) | Orasan, numero ng mga kalahok; |
| c) | c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 68 katao;<br>c.2 Isang (1)silid para sa pagsasanay; at<br>c.3 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao. |

Jit Jeapitrano

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

DepED

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | Baitang 6 | |
| **KATEGORYA** | SULAT BIGKAS NG TULA **(SULKAS TULA)** | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) | |
| **ORAS NA INILAAN** | Isang (1) oras para sa pagsusulat, 30 minutong paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal | |
| **BATAYAN NG KAPASYAHAN** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGSULAT** | **50%** |
| | **Interpretasyon ng Tula** | |
| | Kaugnayan sa paksa (25%) | |
| | Organisasyon ng diwa (15%) | |
| | Mekaniks (10%) *(Apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod na may tugma)* | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGBASA** | **50%** |
| | **Hikayat** | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kilos/galaw/kumpas (10%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (10%) | |
| | **Tinig at Bigkas** | |
| | Lakas/ Diin/ Taginting (10%) | |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | **Kabuuan** | **100%** |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang tulang isusulat ay naaayon sa tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma;
b) Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag-organisa;
c) Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang oras na pagsusulat at tatlumpong minutong pag eensayo;
d) Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang paligsahan;
e) Ang lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal;
f) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng limang minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; at
g) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Paksang gagamitin;
b) Papel, bolpen, lapis at pambura;
c) Orasan, numero ng mga kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

# 2019 PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO SA FILIPINO

DepED

| PALIGSAHAN | PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO | |
|---|---|---|
| BAITANG NG MAG-AARAL | Baitang 11 o 12 | |
| KATEGORYA | DAGLIANG TALUMPATI | |
| BILANG NG KALAHOK | Isa (1) | |
| ORAS NA INILAAN | Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati | |
| Batayan ng Kapasyahan | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 35% |
| | Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (15%) | |
| | **Hikayat** | 25% |
| | Kilos, galaw, kumpas (10%) | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan (5%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (5%) | |
| | **Tinig** | 20% |
| | Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | Lakas (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | Diin/Indayog (5%) | |
| | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang paksa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang oras;

b) Ang kalahok ay bibigyan lamang ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok;

c) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati;

d) May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

| | | |
|---|---|---|
| 1-30 | segundo | - .5 puntos |
| 31-60 | segundo | - 1 puntos |
| 61 | segundo – pataas | - 2 puntos |

e) Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at banderang pula na tapos na ang itinakdang oras; at

f) **Corporate attire** ang inaasahang kasuotan.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a) Banderang berde, dilaw at pula;

b) Paksang gagamitin;

c) Orasan, numero ng kalahok;

d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1)silid para sa pagsasanay; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

| | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO** | |
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | **Isang kalahok mula sa bawat Baitang 7, 8, 9 at 10** | |
| **KATEGORYA** | **INTERPRETATIBONG PAGBASA** *(Pagbibigay interpretasyon sa wastong pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang pagbasa ng tula)* | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Apat (4) | |
| **ORAS NA INILAAN** | Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | |
| | May pagbubukod-bukod ng mga salita (5%) | |
| | May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | **Kabuuan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang piyesa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang araw ng paligsahan;
b) Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon;
c) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
d) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng binasang piyesa;
e) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
f) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi maririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin;
g) Dapat angkop ang interpretasyon sa genreng nakasulat sa piyesa;
h) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt**;
i) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas;
j) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok; at
k) Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan**

a. Paksang gagamitin;
b. Orasan, numero ng mga kalahok;
c. c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 68 katao;
c.2 Isang (1) silid para sa pagsasanay; at
c.3 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao.

**Paalala:**

- Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang **electronic gadgets** sa **holding area** at sa buong panahon ng pagtatanghal.
- Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa **holding area**.
- Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.
- Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.